Mensahe Dalawa

## Pag-angkin sa Lupain ng Canaan sa pamamagitan ng Paggapi sa mga Makasatanas na Puwersa

Babasahin sa Kasulatan: Jos. 1:2, 6, 11; 5:13-15; 6:1

**I. Sa Lumang Tipan ay may isang tipolohiya, isang pangkat ng mga sagisag at sa Bagong Tipan ay may isang kumpletong katuparan ng tipolohiyang iyon hinggil sa ekonomiya ng Diyos—1 Cor. 10:3-4, 1, 11:**

**II. Ang aklat ng Josue ay isang aklat na may malalalim na mga sagisag—1:13; 2:18; 3:3, 10-11; 5:12; 6:6.**

**III. Ang intrinsikong kahulugan ng aklat ng Josue ay ang pag-angkin sa lupain—1:2, 6; 5:12.**

**IV. Upang maunawaan ang kahulugan ng pagpasok ng mga Israelita sa Canaan at ang digmaan sa Canaan, kailangan nating malaman na ang Canaan ay may dalawang panig na kahulugan sa tipolohiya—Col. 1:12; Efe. 1:3; 2:2; 6:12:**

A. Sa positibong panig, ang Canaan, isang lupain ng mga kayamanan, ay sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat na Kristo kalakip ang Kanyang mga di-malirip na kayamanan—Deut. 8:7-10; Col. 1:12; Efe. 3:8.

1. Ang mabuting lupain ay ang sukdulang sagisag ni Kristo na matatagpuan sa mga Kasulatan—Deut. 8:7.
2. Ang mabuting lupain, ang lupain ng Canaan, ay isang sagisag ni Kristo na siyang lahat at nasa lahat at siyang lahat-lahat sa atin—Efe. 3:8.
3. Sa Biblia, ang lupain ay isang larawan, isang simbolo, ni Kristo—Gen. 1:9; 2 Ped. 3:5:
   a. Ang lupain na lumitaw mula sa tubig ng kamatayan sa ikatlong araw sa Genesis 1:9-10 at 13 ay isang sagisag ng nabuhay na muling Kristo na lumabas mula sa kamatayan sa ikatlong araw.
   b. Maraming iba't ibang uri ng buhay sa Genesis 1:11-12 at 24-25 ang nagmula sa lupain; ito ay sumasagisag na si Kristo ang pinagmumulan ng lahat ng uri ng buhay.
   c. Ang intensiyon ng Diyos na inihayag sa mga Kasulatan ay yaong si Kristo ay dapat maging ating lupain—Deut. 8:7-10.
4. Si Kristo bilang mabuting lupain, ang lupain na lumitaw mula sa tubig ng kamatayan, ay inilarawan ng lupain ng Canaan—Gen. 1:9; Jos. 1:13.

B. Sa negatibong panig, ang Canaan ay sumasagisag sa panghimpapawid na bahagi, ang makalangit na bahagi, ng madilim na kaharian ni Satanas, ang sangkalangitan na punô ng mga puwersa ni Satanas—Efe. 2:2; 6:12:

1. Taglay ni Satanas ang kanyang awtoridad at ang kanyang mga anghel, na nasa ilalim niya bilang mga pamunuan, mga kapangyarihan, at mga pinuno ng kadiliman ng sanlibutang ito; kaya, taglay niya ang kanyang kaharian, ang awtoridad ng kadiliman—Gawa 26:18; Mat. 12:26; 25:41; Efe. 6:12; Col. 1:13.
2. Si Satanas, ang kaaway ng Diyos, ay gumagawa ng lahat ng kanyang makakaya upang hadlangan ang bayan ng Diyos sa pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang mabuting lupain; hanggang sa araw na ito, tinatalukbungan ng

masasamang puwersa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo mula sa bayan ng Diyos—2:8, 18; 2 Cor. 4:3-4.

3. Ipinapahiwatig ng aklat ng Efeso na may iba't ibang suson sa sangkalangitan —1:3; 2:2; 6:12:
    a. Si Kristo ay nasa pinakamataas na suson, ang ikatlong langit, upang maging ating lahat-lahat bilang ating mabuting lupain—Deut. 8:7-10.
    b. Mayroong mas mababang suson ng sangkalangitan—ang himpapawid, kung saan hinahadlangan ni Satanas bilang awtoridad ng himpapawid ang mga tao sa lupa sa pakikipag-ugnay sa Diyos at sa pagtanggap kay Kristo; ito ay isinasagisag ng mga Cananeo, na humahadlang sa Israel sa pagpasok sa mabuting lupain—Efe. 2:2.
4. Isinasagisag ng mga Cananeo ang mga natisod na anghel, ang mga rebeldeng anghel na sumunod kay Satanas, na naging mga kapangyarihan, mga pinuno, at mga awtoridad sa kaharian ni Satanas, ang mga espiritwal na puwersa ng kasamaan sa sangkalangitan—Apoc. 12:4, 7; Efe. 6:12.

C. Ang dalawang aspekto ng kahulugan ng Canaan sa tipolohiya ay binabanggit sa Efeso; sa ganitong pakahulugan, ang aklat ng Josue sa Lumang Tipan ay maihahambing sa Efeso sapagkat ang dalawang aklat ay parehong isang talâ ng "Canaan":
    1. Pagkapasok na pagkapasok ng mga anak ni Israel sa Canaan, sila ay nagtamasa ng mga kayamanan ni Kristo at lumaban sa digmaan—Jos. 5:12; 6:1-21.
    2. Binabanggit ng Efeso 3:8 ang mga kayamanan ni Kristo, at binabanggit ng 1:3; 2:6; at 6:12 ang sangkalangitan; ipinahihiwatig nito na sa ekklesia ay dapat tayong magtamasa ng mga kayamanan ni Kristo at lumaban sa espiritwal na digmaan.
    3. Kung wala ang aklat ng Josue, hindi natin lubos na mauunawaan ang espiritwal na pakikipagdigma sa Efeso 6:10-20.

**V. Kung nais nating angkinin ang mabuting lupain para sa katuparan ng layunin ng Diyos, dapat tayong lumaban sa espiritwal na digmaan upang talunin ang mga makasatanas na puwersa—Jos. 6:21:**

A. Kailangan nating matanto ang pangangailangan para sa espiritwal na pakikipagdigma—isang digmaan sa pagitan ng kaharian ni Satanas at ng kaharian ng Diyos—Mat. 6:10; 7:21; 12:26, 28; Isa. 14:12-14.

B. Nang handa na ang Israel na angkinin ang lupain ng Canaan, ang lupain ay punô ng mga taong inaalihan ng demonyo, mga sumasamba sa diyos-diyosan, at ng Nefilim—Bil. 13:33.

C. Dahil ang Nefilim, isang paghahalo ng mga natisod na anghel at natisod na tao, ay nanirahan sa lupain ng Canaan, inutusan ng Diyos ang mga anak ni Israel na sakupin ang lupaing ito at lipulin ang bawat nabubuhay doon upang ang pantaong lahi ay malinis—Deut. 7:1-2:
    1. Ayon sa dibinong kaisipan, ang mga bansa sa lupain ng Canaan ay dapat puksain sapagkat sila ay makadiyablo at naihalo sa mga demonyo—b. 2; Jos. 11:21-22; 14:6-14.
    2. Ang mga Cananeo ay sumasagisag hindi lamang sa mga natisod na anghel bagkus gayundin sa mga tao na iniugnay ang kanilang mga sarili sa masasamang espiritu, sa makasatanas na kapangyarihan ng kadiliman sa himpapawid—Bil. 14:45.

D. Inilalarawan ng pakikipaglaban ng Israel sa mga naninirahan sa lupain ang mga di-nakikitang espiritwal na pakikipagdigma na nagaganap sa likod ng nakikitang pangyayari sa lupa—Dan. 10:10-21; Efe. 6:10-20:
   1. Napakahalagang makita natin na sa likod ng pangyayari ay nagaganap ang isang espiritwal na tunggalian, isang tunggaliang hindi nakikita ng mga mata ng tao.
   2. Karagdagan sa digmaan sa lupa, may isang digmaan sa pagitan ng Diyos at ng mga makasatanas na puwersa sa himpapawid—2:2; 6:12.

E. Ang pakikipaglaban ng mga anak ni Israel laban sa mga Cananeo upang kanilang maangkin at matamasa ang mabuting lupain ay sumasagisag sa espiritwal na pakikipagdigma ng ekklesia sa kabuuan, kabilang ang lahat ng sangkap, laban sa "mga espiritwal na puwersa ng kasamaan sa sangkalangitan" (b. 12) upang matamasa ng mga banal si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na lupain.

F. Si Kristo ang ating mabuting lupain, at ninanais ng Diyos na tamuhin natin si Kristo, subalit mayroong isang suson ng mga makadiyablo, makademonyong puwersa sa pagitan natin at ng mabuting lupain; kung nais nating angkinin ang mabuting lupain para sa ating katamasahan, dapat nating gapiin ang mga makasatanas na puwersang ito—Col. 1:12-13; 2:15; Efe. 3:18; 6:11-12:
   1. May totoo talagang espiritwal na digmaan kung saan dapat tayong lumaban; dapat tayong makipagbaka sa labanan upang tamuhin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo, ang bagong tao, at ang kaharian ng Diyos—bb. 10-12; 1 Tim. 6:12a; 2 Tim. 2:3-4; Col. 1:13, 18; 2:19; 3:10-11.
   2. Kung nais nating angkinin si Kristo para sa ating katamasahan, dapat tayong maging isang sama-samang mandirigma, ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo, na nakikipaglaban sa at gumagapi sa mga makasatanas na puwersa nang sa gayon ay matamo natin nang higit si Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, itinatatag at ipinalalaganap ang kaharian ng Diyos nang sa gayon ay makabalik si Kristo upang manahin ang lupa—Efe. 3:8; 4:16; Mat. 24:14; Apoc. 11:15.

**VI. Upang makalaban sa espiritwal na digmaan, kailangan nating makita ang pangitain na naghahayag kay Kristo bilang Pinuno ng hukbo ni Jehovah—Jos. 5:13-14:**

A. Samantalang si Josue ang nakikitang pinuno ng hukbo ni Jehovah, si Kristo ang di-nakikitang Pinuno upang makipaglaban sa pitong lipi ng Canaan para sa Israel—b. 14.

B. Dahil sa pangitain ukol kay Kristo bilang Pinuno ng hukbo ni Jehovah, kinailangan ni Josue na tumayo sa posisyon ng pagpapabanal (kabanalan) sa lahat ng panahon—b. 15:
   1. Ang kabanalan ay ang kalikasan at kalidad ng pagiging banal—Roma 1:2.
   2. Ang pagpapabanal (tungo sa Diyos) ay ang praktikal na epekto, ang katangian sa aktibidad, at ang sukdulang katayuan na naibunga sa pagiging napabanal—6:19, 22.

**VII. Kailangan nating malaman ang mga buháy na salik na nagsanhi sa bayan ng Israel na maging matagumpay sa kanilang unang pakikipagdigma—Jos. 6:1-20:**

A. Ang pagsasara ng Jerico, na walang trapikong labas-pasok, ay nangangahulugang ang mga kapangyarihan ng kadiliman, ang mga espiritwal na puwersa ng kasamaan sa sangkalangitan, ay natalian—Mat. 12:29; Efe. 6:12.

B. Hindi kailangang gumawa ng anumang bagay ang bayan ng Diyos upang wasakin ang Jerico.

C. Kailangan lamang nila na manampalataya at magtiwala sa Diyos, makinig sa tagubilin mula sa Pinuno ng hukbo ng Israel, at itaas si Kristo sa pamamagitan ng pagpasan ng Kaban—Jos. 6:3-11.

D. Ang pagpasan ng Kaban ng mga saserdote dito ay nagpapakita na sa espiritwal na pakikipagdigma, ang unang bagay na dapat nating gawin ay ang itaas si Kristo, binibigyan Siya ng unang pwesto, ng pagkauna, sa lahat ng bagay—bb. 4, 7-11; Col. 1:18:

   1. Nang ang bayan ng Israel ay sumalakay sa Jerico, ginawa nila ito sa ilalim ng utos ni Kristo na isinasagisag ng Kaban—Jos. 5:14; 6:3-11.
   2. Ang Kaban, isang sagisag ni Kristo, na siyang kanilang Punong Kumandante, ay nanguna upang salakayin ang mga kaaway—b. 4.

E. Ang manatiling tahimik hanggang maibigay ang utos na sumigaw ay nangangahulugang isagawa ang bagay sa paraan ng Panginoon nang hindi naghahayag ng anumang kaisipan, opinyon, o damdamin—b. 10.

F. Ang tagumpay sa Jerico sa unang labanan ng Israel pagkatapos ng pagtawid sa Jordan ay napagwagian hindi sa pamamagitan ng pakikipaglaban ng Israel kundi sa pamamagitan ng kanilang pag-ihip ng mga trumpeta at pagsigaw, sumasagisag sa pagpapatotoo at pagpoproklama ng Diyos kasama si Kristo (ang Kaban) sa pamamagitan ng pananampalataya sa salita ng tagubilin ng Diyos—bb. 2-5.

**VIII. Ang isang namumukod-tanging prinsipyo ay yaong ang espiritwal na tagumpay ay hindi nakasalalay sa pakikipagdigma—ito ay nakasalalay sa papuri—2 Cron. 20:20-22:**

A. Kailangan nating matutuhang daigin si Satanas sa pamamagitan ng ating papuri.

B. Ang isang taong nagpupuri sa Diyos ay nangingibabaw sa lahat ng bagay at patuloy na nananaig sa pamamagitan ng kanyang papuri; ito ay isang prinsipyo, at ito ay isang katunayan—Heb. 11:30, 33-34; 13:15.

*© 2021 Living Stream Ministry*